Republic of the Philippines
Department of Education
Region III – Central Luzon
**SCHOOLS DIVISION OFFICE OF BULACAN**
Capitol Compound, City of Malolos

DepED Department of Education

September 11, 2017

**To: Education Program Supervisor in-charge of AP**
**Concerned Public School District Supervisors**

The Schools Division of Bulacan is invited to attend the SINELIKSIK Bulacan Docu Fest 2017 Awards Night – a program of the Provincial History, Arts, Culture and Tourism Office (PHACTO) in coordination with the National Historical Commission of the Philippines (NHCP).

In this connection, we are requesting each district listed below to send participants who will attend the said activity on September 12, 2017 at the SM City Baliwag, Cinema 1 at 6:00 in the evening.

Baliwag North District – 10 School AP Corrdinators
Baliwag South District – 10 School AP Corrdinators
Bustos District – 10 School AP Corrdinators
Plaridel District – 10 School AP Corrdinators
Pandi District – 10 School AP Corrdinators

Positive response is anticipated.

**ROMEO M. ALIP, Ph.D., CESO V**
Schools Division Superintendent

**DIVISION LETTER**
No. 162 , s. 2017

PHACTO RELEASED
DATE: 09-07-17
CONTROL NO.: 017-438

Republika ng Pilipinas
Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan
Lungsod ng Malolos
********

Panlalawigang Tanggapan ng Kasaysayan, Sining, Kultura at Turismo

DepED - Bulacan
RECEIVED
SEP 06 2017

Setyembre 5, 2017

**DR. ROMEO M. ALIP, CESO V**
Tagapamanihala
Kagawaran ng Edukasyon - Dibisyon ng Bulacan
Lungsod ng Malolos, Bulacan

Mahal na **Dr. Alip:**

Pagbati!

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan sa pamamagitan ng Provincial History, Arts, Culture and Tourism Office (PHACTO) katuwang ang National Historical Commission of the Philippines (NHCP) ay naglunsad ng isang paligsahan sa paggawa ng isang dokumentaryo na pinamagatang **SINELIKSIK Bulacan Docu Fest 2017** *"Saliksik at Salaysay ng Kasaysayan ng Bayan Ko!"* noong ika-29 ng Mayo, 2017. Ang mga mapipiling dokumentaryo ay nakatakdang ipalabas sa isang linggong pagdiriwang ng Singkaban Festival sa Lalawigan ng Bulacan mula ika-8 hanggang ika-15 ng Setyembre, 2017.

Tunay nga na makikita rito ang mainit na pakikiisa at pakikibahagi ng mga Pamahalaang Bayan at Lungsod para sa dakilang layunin na maiangat ang antas ng kasaysayang lokal ng lalawigan ng Bulacan. Sa pamamagitan ng dokumentaryo na kanilang inilahok ay epektibong maisasalaysay ang malalim na pananaliksik na kanilang isinagawa. Ito ay isang pambihirang pagkakataon upang maipagmalaki ang lokal na kasaysayan na matagal nang hindi naibabahagi sa mga Bulakenyo.

Tungo rito, kayo ay malugod po naming inaanyayahan kasama si **G. Virgilio Laggui** at **50 guro ng Araling Panlipunan** na dumalo sa SINELIKSIK Bulacan Docu Fest 2017 Awards Night sa darating na ika-12 ng Setyembre na gaganapin sa Cinema 1, SM Cinema Baliwag ganap na ika-6:00 ng gabi.

Para sa ilang paglilinaw at katanungan, maaari po kayong makipag-ugnayan kay Bb. Marjory Lee Diza ng History and Heritage Division ng aming tanggapan sa numero blg. 0975 – 763 – 9423.

Maraming salamat po sa inyong patuloy na pakikisa sa mga adhikaing pangkasaysaysayan, sining, kultura at turismo ng Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan!

Lubos na sumasainyo,

**DR. ELISEO S. DELA CRUZ**
Pinuno ng Tanggapan